# Ang Tinidor

A one-shot story

**Ang Tinidor**

**(c) callmecoookie | 2012**

*Hanggang kailan pa ba ako maghihintay?*

*Hanggang kailan pa ba ako aasa?*

*Hanggang kailan ko pa sasadyaing mahulog?*

***..ang mahulog ang tinidor ko..***

***

**"Uy! Ano ka ba naman, Eanna! Ano ba yang pinaggagawa mo? Para kang sira! Kumain ka na nga."**

Pagalit na sabi sa akin ng kaibigan ko. Tumayo naman ako at nagpaalam sa kanila ng bagong boyfriend niya.

**"Oo na.. Teka lang, huhugasan ko lang tinidor ko."**

Umalis na ako. Ganun pa rin.. para talaga akong baliw. Bakit ba ako nagkakaganito? Nakakainis lang.

# Ang Tinidor

*A one-shot story*

Naglakad ako papunta sa washing area dito sa cafeteria namin.

Maraming nakapila.. Nakakainip.

**"Uy, bilisan mo na nga! Haha! Sira ulo ka eh, daming nakapila oh."**

May mga lalaki sa harapan ko.

**"Haha! Tae 'to. Ito kasi eh, patawa masyado."**

Ano ba naman yan.. ang lalaki na eh, naglalaro pa rin. Anong year na ba 'tong mga 'to? Napaka-immature.

**"Teka, pahugas nga muna ng kutsara ko."** sabi nung isa na may suot na cap. Bawal yun ah.. Rebelde itong isang 'to.

**"Para ka kasing sira eh. Oh, ikaw na."** sabi naman nung isang kasama niya. Tumabi naman siya.

Natapos na sila sa paghugas ng kamay at kung anu-ano pa man.. kasama ang kutsara, ako na ang sumunod.

# Ang Tinidor

*A one-shot story*

Hinugasan ko naman ang tinidor ko. Medyo mabagal dahil nililinisan ko talaga siyang mabuti. Hindi na rin naman kasi pwedeng kumuha ng iba pang tinidor dito eh. Minsan nga, magdadala na ako ng sarili kong tinidor pag kakain kami dito sa cafeteria.

Pagbalik ko, nandoon pa rin yung bestfriend ko pati bagong boyfriend niya. Nagkukwentuhan.

**"Oh, Okay na?"** sabi ng bestfriend ko. Tumango naman ako at kumain na din.

***

Nang sumunod na araw.. ginawa ko na naman ulit ang ritwal ko.

*..hinulog ko ulit ang tinidor ko.*

Ayun.. Ritwal na din ng bestfriend ko ang pagalitan ako at titingnan naman ako ng bagong boyfriend niya.

Pero this time.. hindi na ako pipila sa may washing area. May dala na kasi akong extra na tinidor.

**"Eanna."** napatingin ako sa bagong boyfriend ng bestfriend ko. Umalis saglit yung bestfriend ko kaya kami na muna ang magkasama.

**"Bakit?"** tanong ko at diretso ring tumingin sa kanya.

# Ang Tinidor

*A one-shot story*

**"Ahm.. don't get me wrong pero..."** parang hirap siyang sabihin kuna anoman ang gusto niyang sabihin. Hindi pa siyan makatingin ng diretso sakin.

**"Ano?"** tanong ko ulit. Hindi ako mataray o nagtataray. Ganito lang talaga ako magsalita. Kung minsan naman ay straight face lang.

**"Uhh.. ang weird mo kasi."**

Napatingin lang ako sa kanya ng ilang segundo at maya-maya lang rin eh napangiti. OO, ang weird ko nga.. Kahit saang banda tingnan sa sarili, weird ang magiging tingin ng ibang tao sakin.

**"Bakit? Pa'no ma naman nasabi?"** tanong ko na lang kahit alam ko naman talaga yung sagot.

Umayos siya sa pagkakaupo bago magsalita. **" Eh kasi.. bakit mo ba laging nilalaglag ang tinidor mo? Wala lang.. naweweirduhan lang talaga ako. Ikaw lang ang kilala kong may ganung trip."**

AHH.. Pfft! Natawa naman ako sa sinabi niya. Tumawa na lang rin siya kahit ang weird na din ang reaction ng mukha niya.

**"Alam mo kasi.. may mga paniniwala tayong tayo lang ang nakakaalam at nakakaintindi. Alam mo ba yung pamahiin ng matatanda na kapag nakakalaglag ka ng tinidor eh may bisitang lalaki ang darating? Yung ganun.. Ako, isinet ko ang sarili ko sa paniniwalang pag naglaglag ako ng tinidor.. may darating ding lalaki sa buhay ko."** napangiti ako ng mapakla. OO.. napaka-OA at ang corny ng pinaggagawa ko. At sobra ngang weird.. Gusto ko lang naman na may dumating din na lalaki sa buhay ko. Naiingit nga ako sa bestfriend ko eh. May bagong boyfriend kasi siya.

# Ang Tinidor

*A one-shot story*

**"Alam mo din kasi.."** umayos ulit siya sa pagkakaupo at naglean sa table. **"May bagay din sa mundo na kailangang hintayin. Bata ka pa naman. College ka pa lang naman. Marami ka pang makakasalamuhang ibang tao. At malay mo, sa mga taong yun na nakasalamuha mo eh yun pala ang nakalaan para sayo. Ako, alam ko naman na hindi kami magtatagal ng bestfriend mo. Mga bata pa kasi kami.. May mga darating sa buhay namin na hindi namin aasahan. Kaya eventually, magkakahiwalay din kami. Pero kung saka-sakali mang mangyari yun.. hindi ko din naman hahayaang mangyari talaga yun. Kahit papaano, pipilitin kong hindi kami magkahiwalay. Pero kung yun talaga ang nakatadhana sa amin.. Hahayaan ko na lang. Lahat naman kasi tayo may nakalaan para sa atin eh.. May mga nakalaan din talaga sa atin na panahon para makilala natin sila. Basta tamang panahon lang..Yun lang."**

Wow.. ayaw humaba yung mga sinabi niya ah.

Ngumiti na lang ako sa kanya. Speechless ako.. Sakto din namang dumating din ang bestfriend ko na may dalang pagkain kaya tumayo na kami at kinakain na lang namin yun habang naglalakad.

OO. Isa akong frustrated. Frustrated na magkaroon din ng lalaking magmamahal sa akin. Hindi naman ako kulang sa pagmamahal pero nakakapagod din namang maging single. Alam niyo yun? Kahit ang single eh nasasaktan din dahil walang nagmamahal sa kanila. Kahit sinasabi pa nilang ang single eh pwedeng lumandi 24/7.. iba pa rin talaga ang mamahalin ka din ng totoo at hindi one-sided love lang.

***

Nung mga sumunod pa na araw.. ganun pa rin. Nilalaglag ko pa rin ang tinidor ko. Ang kaibahan lang eh nasa isang fast food chain kami ngayon. And as usual… yung bestfriend ko at ang bago niyang boyfriend ang kasama ko. Hay. Lagi na lang bang chaperone ang labas ko nito? Saling-pusa na lang? Sana sa susunod naman sa double-date na kami magakakasama. Ayoko na nito.

# Ang Tinidor

*A one-shot story*

**"Oh, bhest.. saan ka?"** tanong sakin ng bestfriend ko.

**"Kukuha lang ng tinidor."** Tumayo na ako at naglakad.

Ang totoo niyan.. hindi naman talaga ako kukuha lang ng tinidor.. magc-cr na din ako para maglabas ng sama ng loob. Mapa-solid man o liquid. Basta.

Hay naku.. ang OA ko na talaga. Pwede na akong itapon sa dagat at puluputan ng mga lumot. Dun na lang ako.. Nafufrustrate na naman ako eh.

Paglabas ko ng CR eh pinagtinginan naman ako. Ano naman? Masama bang magpunas ng luha at uhog?!? Ugh.

Bumalik na ulit ako sa table kung saan nakaupo ang bestfriend ko at ang bago niyang boyfriend. Umupo naman ako na parang wala namang nangyari.

**"Naku, Eanna. Hindi mo naabutan yung pinsan niya! Ang pogi! Syang. Ipapakilala ka sana ni boyfriend.. Eh kaso, ang tagal mong kumuha ng tinidor eh. Ayun. Umalis na tuloy. May pupuntahan din daw kasi."** sabi sakin nung bestfriend ko na mukha namang tuwang-tuwa. Ako? Eto.. NANGHIHINAYANG. Potek. Sayang yun!!

Sana di na lang pala ako naglabas ng sama ng loob..

Sana din pala hindi na lang ako kumuha ng tinidor..

P R O P E R T Y O F : callmecooookie | W a t t p a d

# Ang Tinidor

*A one-shot story*

*SANA.*

Kung alam ko lang talaga na may irereto pala sila sa akin.. di na sana ako umalis. UGGH.

***

Ipinagpapatuloy ko pa rin ang hobby ko na paglaglag sa tinidor ko. Baka saka-sakaling umubra ulit. Kasi nung last time eh, may dumating, wala naman ako. So ayun, wala ring nangyari. Kainis lang.

Yung bagong boyfriend naman ng bestfriend ko eh panay kumbinsi pa rin sakin na may darating din sakin at maghintay lang talaga ako. Hanggang ngayon, naweweirduhan pa rin siya sa akin. Sinabi ko na lang na hanapan niya ako at ireto, baka saka-sakaling matigil ko pa ang kaweirduhan kong 'to.

So yun. Ginawa nga niya. Nagjoin force sila ng bestfriend ko para maghanap ng lalakeng magmamahal sakin. Pabor naman sa akin yun kahit medyo nahihiya ako. Nakakahiya nga naman kasing ako pa ang nanghihingi ng maireretso sakin pero okay lang.. bestfriend ko naman yun at bagong boyfriend niya naman yun kaya walang kaso sa kanila at sakin.

Pero sa tingin ko.. Sadyang bitter talaga sakin ang panahon.. ang tadhana at pati na rin si Kupido, *BITTER SA AKIN.*

May mga ipapakilala na sana sakin sina bestfriend at bagong boyfriend niya. KASO.. kung hindi ako busy, yung guy naman ang busy sa school. Kung sisipot ako sa magiging date naming, hindi naman sisipot yung guy. Kung kalian magkakakilala na kami, saka ko malalamang bakla pala yung guy..

# Ang Tinidor

*A one-shot story*

Tungunung buhay yan..

*Nakakapagod na talaga*.

***

**"Buhh.. himala. Hindi ka na ata naglalaglag ng tinidor ngayon? Ilang araw na rin yan ah? Nagquit ka na bas a ritwal mo? O may boylet ka na?"** sabi sakin ng bestfriend ko. Tumawa naman yung bagong boyfriend niya.

**"Wala ah.. wala akong boylet."** umayos ako sa pagkakaupo. **"At OO. Nagquit na nga ako sa ritwal kong paglalaglag ng tinidor ko sa sahig.."**

Parehas na napatigil sa pagtawa ang dalawa. Medyo seryoso din naman kasi ang boses ko kaya malamang, alam nilang hindi nakakatawa.

**"Ha?? Bakit? Anong nangyari?"** sabi ulit ng bestfriend ko.

Ngumiti naman ako at huminga ng malalim. Sabay itinaas naman ang bagay na hawak ka sa kanang kamay ko..

**"SERYOSO KA??"** parehas silang nagulat. Nanlaki ang mata at parang hindi makapaniwala.

**"Syempre—!!"**

**“W-weh? Ano ba naman yan bhest.. Wag ka naming ganyan. Hindi naman porket wala lalaking dumarating sayo eh give up ka na. Wag naman.”**

HA? Ano ba ‘to. ANO BANG PINAG-IISIP NITO?! Hindi pa nga ako tapos magsalita eh.

**“Tska Eanna. Di ba nga sabi ko sayo na may darating naman sayo?? Maghintay ka na lang muna. May tamang panahon para dyan. Wag kang masyadong mafrustrate.”** Sabi namn ng bagobg boyfriend niya.

**“Bhest please…”** hinawakan ni bestfriend yung kamay ko. **“I don’t like you to be a lesbian..”**

Nanlaki ang mag mata ko dahil sa sinabi niya. ANO?????? LESBIAN?????

HELL NOOOOOOOOOO!

**“Gaga! I’m not going to be a lesbian!! YUCK!”** sabi ko. DUH! Ako?? Ako magiging lesbian dahil sa pagiging frustrated sa kawalan ng boyfriend? Ako talaga magiging lesbian?? WALANGYA.

**“Eh I thought..”**

**“Duh. Di ko gagawin yun no. Kaya lang naman tinigil ko yun kasi..”** napabuntong hininga ako. **“Ayoko na. Nakakapagod na din naman eh. Alam kong effortless maglaglag ng tinidor sa sahig pero ang mag nakakapagod eh ang paghihintay.. Napapagod na akong maghintay. AYOKO NA.”**

So, we ended our conversation there. May mga klase na din kasi kami.

***

**After 2 years..** Fourth year na kami. Graduation day na.

Ang saya lang kasi makakagraduate na kami. Yung bestfriend ko? Boyfriend niya pa rin si bagong boyfriend niya noon. Ngayon, luma na niyang boyfriend ang tawag ko sa kanya.

Ako? Graduate na din ako..

*Graduate na ako sa paghihintay ng may magmamahal sakin.*

*Graduate na din ako sa paglalaglag ng tinidor sa sahig.*

Sa tingin ko naman kasi, kahit ilang tinidor pa ang ilaglag ko.. wala naman talagang mangyayari. Aasa lang ng aasa. Tapos *madidisappoint*. Mag-aassume ng mag-aassume.. tapos *mafufrustrate.* Kamusta naman yun di ba? Sinasaktan ko lang ang sarili ko.

Pero totoong graduate na talaga ako sa paghihintay. Kasi two years ago..

Di ko sinasadyang malaglag ang tinidor ko.

***"Ito na Miss oh."***

***"Salamat."*** *ngumiti ako at iniyuko ng konti ang ulo ko.*

***"Teka.."*** *itinuro niya ako at tinitigang mabuti. Nagtaka naman ako.* ***" Di ba ikaw yung weird na babaeng laging nalalaglagan ng tinidor?"***

*I was taken aback. Wow.. May iba pa palang nakapansin sa kaweirduhan ko.*

***"Uh.. Oo. Pero.. pero hindi na ngayon. Hindi na ako weird."*** *Ngumiti ulit ako sa kanya.*

***"Ah.."*** *tumango-tango lang siya.*

***"Sige, salamat ulit."***

Simula nung araw na yun.. Naulit na naman ang paglaglag ng tinidor ko sa sahig.

Pero this time…

*..hindi ko na sinasadyang malaglag ang tinidor ko.*

# Ang Tinidor

A one-shot story

***"Oh, ikaw na naman??"*** *natawa na lang ako.*

*Yung lalaki kasing dating pumulot ng nalaglag kong tinidor eh siya na naman ang nagpulot. Medyo natulak kasi ako.*

***"Ay, oo nga. Ikaw na naman din??"*** *tapos nagtawanan kami.*

Mula noon, doon ko napansin na siya pala ang nagtutulak sakin para malaglag ang  tinidor ko.

Hanggang sa isang araw…

*Nalaglag ulit ang tinidor ko.*

At this time hindi niya ito pinulot.

*…sinalo na niya ito.*

***"Ako nga pala, si Aldrin. Alam mo bang dati pa kita nakikita at napapansin? Ang weird mo nga eh. Pero nacute-an ako sa kaweirduhan mong yun.. Kaya ginaya din kita. Tinry ko namang ilaglag yung kutsara ko, pero hindi ko magets kung ano ang nangyayari. Kaya itinigil ko. Napansin ko ding tumigil ka sa paglaglag ng tinidor mo. Hindi ko naman alam kung bakit."***

# Ang Tinidor

A one-shot story

*Speechless ako.. Hindi ako makapaniwalang may nakakapansin pala nun bukod sa bestfriend ko at sa luma niyang boyfriend.*

***"Bakit mo nga pala inilalaglag ang tinidor mo sa sahig?"*** *tanong niya.*

***"Uh.. ano…"*** *hindi ko masabi ang dahilan ko. Parang.. parang nakakahiya.*

***"Ah sige.. Kahit wag mo na lang sabihin."*** *Nagulat na lang ako nang bigla niyang hinawakan ang kamay ko.* ***"Pwede bang ako na lang ang maging taga-salo ng tinidor mo?"***

*Hindi ko alam kung nagjojoke ba siya o ano..*

*Basta ang alam ko, sumagot na lang ako ng…*

***"Oo." s****abay ngumiti.*

Naging masaya ako sa piling ni Aldrin. Masaya siyang kasama,mapagmahal, maalalahanin, loyal at sensitive siya sa kung ano man ang nararamdaman ko.. Hindi niya rin nakakalimutang sabihin ang mga magic words na nagpapakilig sakin at lalong nagiging dahilan para mahalin ko siya. Gusto ko siya. Mahal ko siya at sana siya na nga talaga..

Nagpapicture kami sa mga kanya-kanya naming family. Nakakatuwa nga eh. Nagpapicture din siya sa family ko at ganun din ako sa family niya. Legal kami. At close din ang families naming dalawa.

# Ang Tinidor

*A one-shot story*

Mula noon, naging maingat na ako at hindi ko na nilalaglag ang tinidor ko..

Ayoko eh.. AYOKO. Ayokong maglaglag ng kahit anong tinidor na gamit ko.

Ayoko lang naman na may iba pang dumating na lalaki sa buhay ko..

Gusto ko siya lang..

Gusto ko si Aldrin lang.

Gusto ko kung sakaling malaglag man ang tinidor ko..

Gusto ko siya lang ang sumalo..

..*WALA NG IBA.*

***-END-***